



Legal Outreach

Working for Equal Justice in the API Community

TAGSIBOL NA NEWSLETTER 2020 - DAMI #5 - ESPESYAL NA EDISYON

Sumusoporta sa mga Imigranteng Komunidad sa harap ng krisis na dulot ng COVID-19



Ang APILO Ay Narito Upang Tulungan At Suportahan Ang Mga Imigrante Sa Panahon ng Pandemya ng COVID-19

Iniulat ng The New York Times, Associated Press (AP) at KQED na ang mga mahahalagang manggagawa na nagtrabaho upang makapagbigay ng mga pangunahing pangangailangan para sa ating mga **komunidad sa Bay Area sa panahon ng pandemya ng COVID-19 ay mga kababaihan, mga taong may kulay at imigrante.**

- Mahigit sa 70% ng mga manggagawa na taga-linis ng gusali at mga nagtrabaho bilang tagalinis ay mga dayuhan na ipinanganak sa ibang bansa, sila ay nasa mga lungsod ng Oakland, Richmond, San Jose at San Francisco.
- Ang kalahati ng mga magsasaka sa Estados Unidos na nag-aani ng mga pinagkukunan ng ating pagkain ay mga imigrante na walang ligal na dokumento upang makapagtrabaho rito sa Estados Unidos, sila ay mula sa Mexico at Sentral Amerika.

Ang mga masisipag na imigranteng pamilya ay matinding naapektuhan ng pagbagsak ng ekonomiya dulot ng COVID-19, lalo na sa pagbubukod ng mga hindi naka-dokumento na imigrante sa pagiging nararapat makatanggap ng tulong galing sa gobyernong Pederal. Sa California, ang ilang tulong sa sakuna ay inaasahan na matatanggap ng mga hindi dokumentadong imigrante simula sa Mayo.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pag-aplay para sa mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho, pinansyal na tulong, o mga isyu may kaugnayan sa "public charge", narito ang APILO upang magbigay ng impormasyon at tulong. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring puntahan ang aming website (www.apilegaloutreach.org) o tumawag sa aming tanggapan sa (415) 567-6255 o (510) 251-2846 upang humiling ng tulong sa iyong kaso.

ANG IMPORMASYON TUNGKOL SA ESTADO AT Pederal NA COVID-19 NA BENEPISYO PARA SA MGA PAMAYANANG IMIGRANTE

- **Pah. 02 - CARES Act:**
Pagiging karapat-dapat ng isang imigrante para sa Stimulus Direct Payment
- **Pah. 02 - Ang Estado ng California, Covid-19 Pinansyal na tulong para sa mga Imigranteng walang legal na dokumentasyon**
- **Pah. 03 - Ang APILO ay Tumutulong sa mga pag-rerene ng DACA.**
- **Pah. 03 - Libreng Virtual Community Legal Clinic ng APILO/API Council/AABA**

CARES ACT

Ang pagiging karapat-dapat ng isang dayuhan at imigrante para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho at ng Stimulus Rebates

Pagiging karapat-dapat ng isang imigrante para sa Stimulus Direct Payment:

- Ang mga indibidwal na nagbabayad ng buwis at mag-asawa na magkasamang nag-file ng buwis at nagbigyan ng mga Social Security Number (SSN) na may bisa para mag-trabaho ay karapat-dapat sa rebate.
- **Mga tumatanggap ng DACA, TPS, asylee, at refugee ay ang maaaring kwalipikado.** Sa kasamaang palad, ang kawalan ng SSN ay nagiging dahilan ng hindi pagiging kwalipikado ng mga imigrante at pamilya. Ang mga hindi mamamayan ng Estados Unidos o Legal na Residente ay dapat na pangunahing naninirahan sa Estados Unidos.
- Ang mga imigranteng walang legal na dokumento at walang mga SSN ay hindi karapat-dapat para sa mga tulong na ito. Ang mga imigrante na gumagamit ng ITIN para sa kanilang mga buwis ay hindi rin karapat-dapat.

Pagiging karapat-dapat ng Imigrante para sa Mga Pakinabang ng Walang trabaho

- Ang isang imigrante na may wastong pahintulot na makapag-trabaho sa Estados Unidos ay karapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, kasama ang State Unemployment Insurance (UI) at Federal Pandemic Unemployment Assistance (PUA). Maraming mga tumatanggap ng DACA, TPS, mga taong nag-aaplay ng asylum, asylee, at mga refugee na may wastong pahintulot na makapag-trabaho ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo dahil sa kawalan ng trabaho.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pampublikong benepisyo at mapagkukunan na magagamit ng mga imigrante sa California, tingnan ang Gabay para sa mga imigrante na taga-California: <https://covid19.ca.gov/guide-immigrant-californians/>

COVID-19 RESOURCES FOR THE UNDOCUMENTED

Ang Estado ng California Covid-19 Pansamantalang Tulong para sa Mga Di-dokumentadong Immigrante

Ang \$ 75 milyon na tulong ng Gobernador Newsom para sa mga imigranteng walang dokumentasyon ay may mga sumusunod na benepisyo at alintuntunin upang maging karapat-dapat:

- Ang isang karapat-dapat na indibidwal ay dapat na isang **walang dokumentong indibidwal na may kaugnayan sa imigrasyon** na may sapat na gulang (isang taong higit sa edad na 18); AT
- **Hindi karapat-dapat** para sa pederal na tulong na may kaugnayan sa COVID-19, kabilang ang pagbabayad ng *stimulus payment* o pagbabayad ng PUA; AT,
- **Nakaranas ng matinding paghihirap** bilang resulta ng COVID-19.
- Ang isang karapat-dapat na hindi dokumentadong adulto na imigrante ay maaaring makatanggap ng **Isang bigyan ng \$ 500.**
- **May limitasyon na dalawang hindi naka-dokumento na matatanda sa bawat sambahayan ay maaaring makatanggap ng tulong na ito** (hanggang sa \$ 1,000 bawat sambahayan).
- Inaasahang na ang online application ay maaaring magamit bago matapos ang buwan ng Mayo.

DACA RENEWAL

**Ang APILO ay
Tumutulong sa mga pag-
rerenew ng DACA.**



**LIBRENG VIRTUAL
COMMUNITY LEGAL CLINIC
NG**

**API Legal Outreach (APILO)
API Council, at ang Asian
American Bar Association of
the Greater
Bay Area (AABA).**

Ang APILO ay kasalukuyang mayroong pansamantalang pondo upang tumulong sa mga pag-papanibago ng DACA. **Saklaw din ng pondong ito ang \$ 495 fee filing fee.** Tumawag sa aming tanggapan ngayon upang magtanong tungkol sa pagkuha ng tulong sa iyong aplikasyon sa pag-rerenew ng DACA! Kung karapat-dapat, ang aming mga abugado ay maari kang tulungan ng **walang bayad** sa mga sumusunod:

- **Free Consult & Filing**
- **Application Preparation**
- **Application Filing Fee (\$495)**

Ang *Virtual Legal Clinic* ay nagbibigay ng ligal na tulong sa pamamagitan ng **telepono o sa pamamagitan ng videoconferencing sa iba't-ibang wika tulad ng Kantonese, Hapon, Koreano, Mandarin, Tagalog, Espanyol at Vietnamese.** Kung mayroon kang isang ligal na isyu na kinasasangkutan ng:

- imigrasyon
- karahasan sa tahanan
- karapatan ng mga nangungupahan
- pang-aabuso sa matatanda
- tulong galing sa Estado o Pederal na gobyerno
- at maliliit na isyu may kaugnayan sa maliliit na negosyo.

Mangyaring tumawag tuwing Martes o Biyernes mula **2:00 - 5:00 ng hapon** upang makakuha ng appointment. Numero ng telepono: **(415)567-6255** o **(510) 251-2846**

Mangyaring alamin ang mga kondisyon at kinakailangan upang maging karapat-dapat para sa mga programa ng CARES Act dahil eto ay patuloy na nagbabago. Mangyaring tumawag sa aming tanggapan sa numero 415-567-6255 o (510) 251-2846 para sa mas malalim at napapanahon na impormasyon.

WWW.APILEGALOUTREACH.ORG | (415) 567-6255 | (510)251-2846 | (209) 466-0721